Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon x-Hilagang Mindanao
**SANGAY NG LUNGSOD NG MALAYBALAY**
Sayre -Highway Casisang, Malaybalay City

# MEMORANDUM PANSANGAY

**PARA SA:** Tagamasid sa Filipino,Tagamasid Pampook,Distrik Filipino Koordineytor o Pandistritong Tagapangulo/Tagapag-ugnay ng Filipino, Kaguruan sa Filipino na nagtuturo ng asignaturang wikang panturo ay Filipino sa Antas Elementarya,Sekondarya at Tersarya sa Publiko at Pribadong mga Paaralan
Sangay ng Lungsod ng Malaybalay

037
ed-MALAYBALAY CITY DIVISION
RELEASED
te: JAN 0 7 2015 Time: 8:09

**BUHAT KAY:** **EDILBERTO L.OPLENARIA**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

**PAKSA:** KASUGUFIL: Ikaanim na Pambansang Kongreso ng Wikang Filipino sa mga Paaralang Publiko at Pribado sa Antas Elementarya at Sekundarya

**PETSA :** Enero 6, 2015

Kalakip nito ang Memorandum Panrehiyon hinggil sa KASUGUFIL na magaganap sa Abril 16-19,2015 sa Teachers Camp(Senior Mess) Lungsod ng Baguio.

Ang halaga ng rehistrasyon ay Tatlong Libo at Walong Daang Piso (Php 3 800.00) at membership fee na karagdagang isang daang piso (Php 100.00) para sa mga bagong kasapi.

Interesadong kalahok na hangad sasali sa Pambansang Kongreso ay kailangang susulat ng liham intension adres sa Tagapamanihala ng Paaralan atensyon :Maria Concepcion S. Reyes EPS Filipino para sa madaliang paghahanda ng Travel Order at ibang papeles sa pagdalo.

Ang lahat ng mga kabatiran at impormasyong tuon sa naturang Pambansang Kongreso ay napapaloob sa nakalakip na sulat.

Daglian at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION X – NORTHERN MINDANAO
Zone 1, Upper Balulang, Cagayan De Oro City

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

DepED - X
Cagayan de Oro City
DEC 18 2014
RELEASED

**MEMORANDUM PANREHIYUN**

**PARA SA MGA : TAGAPAMANIHALA NG MGA PAARALAN**

Atensiyon: Mga Superbisor at mga Guro sa asignaturang Filipino sa antas Elementarya at Sekundarya

**BUHAT KAY:** **ATTY. SHIRLEY O. CHATTO**
Chief Administrative Officer
Officer-In-Charge
Office of the Regional Director

**PETSA:** **Ika-5 ng Disyembre, 2014**

---

Kalakip ay sulat na nilagdaan sa pangulo ng Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino ( **KASUGUFIL**), Gloria I. Alday hinggil sa pagsasagawa ng Ikaanim na Pambanasang Kongreso ng Wikang Filipino sa mga Paaralang Publiko at Pribado sa Antas Elementarya at Sekundarya sa darating na Abril 16-19, 2015 sa Teachers Camp ( Senior Mess) Lungsod ng Baguio , DepED Advisory Blg. 430, s. 2014 at Tentatibong Programa/Training Matrix.

Ang lahat ng mga kabatiran at impormasyong tuon sa naturang Pambansang Kongreso ay napapaloob sa nakalakip na sulat.

Higit na inaasahan ang daglian at malawakang pagpapalaganap sa Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

# KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO SA FILIPIN
# (KASUGUFIL)

0015.00 PE
B79532A 1112
PB74153 25.11.20
Manila Central P.O.

202 Rosario Street, Mapulang Lupa, Valenzuela, Metro Manila
Telepono: 0928-7548418

SEC. REG. NO. 201116264
TIN 008-125-231-000

**PAMUNUAN**

GLORIA I. ALDAY
Pangulo

ANA MARIA S. CABUHAT
Kawaksi ng Pangulo

CRISTINA S. CHIOCO
Pangalawang Pangulo

ROSALINDA E. TAVARA
Kalihim

YOLANDA V. GILBUENA
Katuwang ng Kalihim

SANDOR S. ABAD
Ingat-Yaman

FEDERICO L. REYNO
Katuwang ng Ingat-Yaman

MARCELLI G. MACOB
Tagasuri

CELESTINO S. DALUMPINES
Tagapagbalita

EDWIN F. ALBAY
Tagapamahala ng Proyekto

VILMA P. DASMARIÑAS
Tagapamayapa

**Kalipunan ng mga Direktor**

ERICO M. HABIJAN
SAADA J. TUBING
LOURDES C. MANLAPUS
MA. JANE M. ROYONG

**Mga Tagapayo**

LEONIDA B. VILLANUEVA
ROBERTO T. AÑONUEVO

**Tagapayong Pandangal**

VIRGILIO S. ALMARIO, NA
Tagapangulo, KWF

Nobyembre 21 2014

DepED - X
Cagayan de Oro City
DEC
RECEIVED

**ATTY. SHIRLEY O. CHATO**
**Nanunumparang Pinuno**
**Direktor Panrehiyon**
**DepEd Rehiyon X**
**DonGregorio Pelaez Sports Complex**
**Velez Street,Cagayan de Oro City**

Mahal na Atty. Chato ,

Mainit na pagbati!

**Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL)**, isang samahang pangwika ay masasagawa ng **Ikaanim na Pambansang Kongreso ng Wikang Filipino para sa mga Paaralang Publiko at Pribado sa Antas Elementarya at Sekundarya** sa Abril 16-19,2015 sa Teachers Camp (*Senior Mess*) Lungsod Baguio (**DepEd Advisory Blg. 430, s.2014).**

Ang halaga ng rehistrasyon ay Tatlong Libo at Walong Daang Piso (Php 3,800.00) na gugugulin para sa pagkain, tirahan, *venue, hand-out, t-shirt, training bag, honorarium* ng mga tagapanayam at iba pang gastusin sa pagsasakatuparan ng kongreso *at membership fee* na karagdagang isandaang piso (Php 100.00) para sa mga bagong kasapi.

Ang mga dadalo ay inaasahang darating sa Teachers Camp, Lungsod Baguio sa umaga ng Huwebes 16 Abril 2015. Ang unang pagkain ay ihahain sa pananghalian ng nabanggit na araw. Samantala ang mga gawain ay magtatapos sa tanghali ng Linggo 19 Abril 2015, at ang huling pagkaing ihahain ay pananghalian ng nasabing petsa.

Ang mga gurong kasapi ng KASUGUFIL na kinilala ng mga pampublikong ahensya tulad ng KWF, NCCA at iba pa gayundin sa kani-kanilang rehiyon bilang natatanging guro sa Filipino para sa taong 2014 ay pahahalagahan at pagkakalooban ng samahan ng Pambansang Gawad ng KASUGUFIL sa gabi ng Gawad Parangal, Abril 17, 2015.

Hinihikayat ang mga dadalo sa Kongreso na magdala ng kasuotang panrehiyon na itatampok sa gabi ng sosyalisasyon Abril 16, 2015. Itatampok din sa nasabing pagdiriwang ang pagpili ng Hari at Reyna ng Kundiman mula sa mga kasapi ng samahan. Ang piyesa na susundin ng isang kinatawan na napili ng bawat rehiyon ay maaaring hingin sa telepono blg. 09266911218 o *email address na* anniescabuhat@gmail.com.

Para sa maayos na daloy ng rehistrasyon maaring magpatala nang maaga ang mga dadalo at ang kabayaran ay ideposito sa bangko ng samahan sa BPI North Edsa Branch na may numero na 004433-0748-53.

Kaugnay nito, kagalakan namin kayong anyayahang dumalo sa nasabing Kongreso upang maging kaisa namin sa pagtupad ng layunin nito ---- ang mapataas ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino.

Matapat na sumasainyo,

GLORIA I. ALDAY

DepEd Advisory No. 430, s. 2014
November 11, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

IKAANIM NA PAMBANSANG KONGRESO NG WIKANG FILIPINO

Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro ng Filipino (KASUGUFIL) ay magsasagawa ng *Ikaanim na Pambansang Kongreso ng Wikang Filipino sa mga Paaralang Publiko at Pribado sa Antas Elementarya at Sekundarya* na may temang *Ang Pinagyamang K to 12 Kurikulum Tungo sa Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino* na gaganapin mula ika-16 hanggang ika-19 ng Abril, 2015 sa Teachers Camp (Senior Mess), Lungsod ng Baguio.

Layunin ng Kongreso na ito ang mga sumusunod:

1. maiangkop ang pagtuturo ng asignaturang Filipino pokus sa Grade 4 at 10 tungo sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino;
2. malinang ang wastong pagsasalin sa Filipino ng iba't ibang panitikang pandaigdig; at
3. mahawan ang sagabal (*bridging the gap*) sa pagtuturo ng mga katutubong wika at panitikan patungo sa wikang Filipino.

Ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor, punongguro, puno/tagapag-ugnay ng kagawaran, guro sa Filipino, mga administrador sa antas elementarya at sekundarya ng mga publiko at pribadong paaralan at lahat ng mga tagapagtaguyod ng wikang Filipino ay imbitadong dumalo sa aktibidad na ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring tumawag alinman sa mga sumusunod:

- Bb. Gloria B. Alday
  Mobile Phone Blg.: 0928-754-8418; 0926-691-1218

- Bb. Sandor Abad
  Mobile Phone Blg.: 0908-697-8491

Alma/DA kasugufil
0747-November 5, 2014

**IKAANIM NA PAMBANSANG KONGRESO NG WIKANG FILIPINO SA MGA PAARALANG PUBLIKO AT PRIBADO SA ANTAS ELEMENTARYA AT SEKUNDARYA**

TEMA : *Ang Pinayamang K to 12 Kurikulum Tungo sa Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino*

16-19 Abril 2015
Teachers Camp (Senior Mess), Lungsod Baguio

<table>
<tr><th colspan="5">TENTATIBONG PROGRAMA</th></tr>
<tr><th>ORAS</th><th>UNANG ARAW: 16 Abril 2015</th><th>IKALAWANG ARAW: 17 Abril 2015</th><th>IKATLONG ARAW: 18 Abril 2015</th><th>IKAAPAT NA ARAW: 19 Abril 2015</th></tr>
<tr><td>MGA NAMAMAHALA</td><td>R. TAVARA at M. MACOB</td><td>C. CHIOCO at E. ALBAY</td><td>W. DASMARINAS at C. DALUMPINES</td><td>Y. GILBUENA at S. ABAD</td></tr>
<tr><td>07:00 - 08:00 n.u.</td><td></td><td>AGAHAN</td><td>AGAHAN</td><td>AGAHAN</td></tr>
<tr><td>08:00 – 09:00 n.u.</td><td rowspan="4">PAGDATING AT PAGPAPATALA NG MGA KALAHOK<br><br>Tagapangasiwa : Komite sa Rehistrasyon</td><td rowspan="2">SESYON 2 : PARALLEL<br>• Kurikulum sa Elementarya (Grade 4)<br>Dr. Rose Villaneza<br>• Kurikulum sa Sekundarya (Grade10)<br>Gng. Cristy S. Chioco<br><br>Tagapangasiwa: R-III at R-VIII</td><td rowspan="2">SESYON 6 :<br><br>Pagtuturo ng Masining na Pagkukuwento<br>G. Manolo Silayan<br><br>Tagapangasiwa : R-V at R-XII</td><td>– MISA NG PASASALAMAT</td></tr>
<tr><td>08:00 - 10:00 n.u.</td><td rowspan="3">PAMPINID NA PALATUNTUNAN<br>• Pagbasa ng Resolusyon at Ebalwasyon<br>• Pagpapatibay sa mga Susog sa Saligang Batas ng KASUGUFIL<br>• IMPRESYON mula sa mga KALAHOK (Luzon, Visayas, Mindanao)<br>• Pagkakaloob ng mga Sertipiko (Pagdalo at Paglahok)<br><br>Tagapangasiwa: KASUGUFIL AT NCR</td></tr>
<tr><td>10:00 - 10:15 n.u.</td><td>MERYENDA</td><td>MERYENDA</td></tr>
<tr><td>10:15 - 12:00 n.t.</td><td>SESYON 3 : PARALLEL<br>• Masinop na Pagsulat sa Filipino (Elem.)<br>Dr. Edgar Samar<br>• Estratehiya sa Pagsasalin Partikular sa Pandaigdig na Panitikan (Sek.)<br>Dr. Benjamin Mendillo<br><br>Tagapangasiwa : R-IX at R-X</td><td>SESYON 7 :<br><br>Pagbuo ng mga Tanong Batay sa Proseso ng Pagtataya (KPUP)<br>Dr. Lolita Andrada<br><br>Tagapangasiwa : R-V at R-XII</td></tr>
<tr><td>12:00 - 01:00 n.t.</td><td>PANANGHALIAN</td><td>PANANGHALIAN</td><td>PANANGHALIAN</td><td rowspan="6">MALIGAYA AT LIGTAS NA PAGLALAKBAY</td></tr>
<tr><td>01:30 - 03:00 n.h.</td><td>PAMBUKAS NA PALATUNTUNAN<br>-PROGRAMA<br>-Pagbubukas ng SAGISAG-KULTURA Eksibit<br>Ikalawang Palapag Bulwagang Benitez<br><br>Tagapangasiwa: KASUGUFIL , NCCA at CAR</td><td>SESYON 4: PARALLEL<br><br>WORKSHOP SA SESYON 3<br>Elementarya at Sekundarya<br><br>Tagapangasiwa : R-IV-A at R-IV-B</td><td>SESYON 8:<br>Masining na Pagtuturo ng Informance, Readers Theatre Chamber Theatre at Total Theatre<br>Dr. Glecy S. Atienza<br><br>Tagapangasiwa: R-VI at CARAGA</td></tr>
<tr><td>03:00 - 03:15 n.h.</td><td>MERYENDA</td><td>MERYENDA</td><td>MERYENDA</td></tr>
<tr><td>03:15 - 05:30 n.h.</td><td>SESYON 1 :<br><br>PERSONALITY DEVELOPMENT<br>Bb. Issa Litton<br><br>Tagapangasiwa : R-I at R-II</td><td>SESYON 5 : PLENARYA<br>Pagtuturo sa Mito,Epiko, Nobela at Talumpati Batay sa Kurrikulum na K to 12<br>Dr. Michael M. Coroza<br><br>Tagapangasiwa: R-XI at ARMM</td><td>SESYON 9:<br>Ang Tanawin Pangwika sa Paaralan Implikasyon sa Pamamahalang Pangwika<br>Dr. Galileo S. Zafra<br><br>Tagapangasiwa : Reg VII at NCR</td></tr>
<tr><td>06:00 - 07:00 n.g</td><td>HAPUNAN</td><td>HAPUNAN</td><td>HAPUNAN</td></tr>
<tr><td>08:00 – 10:00 n.g.</td><td>SOSYALISASYON<br>(Pagpili ng Hari at Reyna ng Kundiman)<br>(Pagpili ng Pinakamagandang Rehiyunal na Kasuotan)</td><td>SEREMONYA SA PAGTANGGAP NG MGA BAGONG KASAPI</td><td>PAGKAKALOOB NG GAWAD PAGKILALA</td></tr>
</table>